

Pagbalik sa Trabaho

MAHALAGA: Ibinalik na ang kinakailangan sa paghahanap ng trabaho. Simulan ang mga aktibidad ng paghahanap ng trabaho sa linggo ng Hulyo 4-Hulyo 10. Bisitahin ang [pahinang Mga kinakailangan sa paghahanap ng trabaho](#) para sa higit pang impormasyon.

Upang suportahan ang mga manggagawa at negosyo sa tulong ng mga serbisyo sa pagkawala ng trabaho at pagkakaroon ulit ng trabaho, nagkakaloob kami ng:

- Mga oportunidad sa trabaho at pagsasanay para sa mga manggagawa.
- Mga resource upang magpanatili ssng may kasanayang lakas-paggawa para sa mga employer.
- Impormasyon tungkol sa pagiging kwalipikado sa benepisyo sa pagkawala ng trabaho.
- Patnubay tungkol sa mga alok na bumalik sa trabaho.
- Mas marami pa.

Impormasyon para sa mga manggagawa

Pinapabalik ka na ba sa trabaho pero hindi ka makabalik?

Kung kasalukuyan kang tumatanggap ng mga benepisyo sa pagkawala ng trabaho at hindi ka makakabalik sa trabaho kapag pinapabalik ka na (pabalik sa dating trabaho o sa bagong trabaho), matutulungan ka naming pag-isipan ang iyong mga opsyon. Alamin ang higit pa tungkol sa kung [kailan puwede mong tanggihan ang isang oportunidad na bumalik sa trabaho](#).

Paghahanap ng iyong susunod na trabaho

Narito ang WorkSource upang tumulong

- Mahanap ang naaangkop na oportunidad sa trabaho sa [WorkSource Washington](#) (sa Ingles). Dahil sa krisis, kasalukuyang sarado ang mga tanggapan ng WorkSource sa buong estado para sa mga in-person na serbisyo, ngunit makakahingi ka pa rin ng tulong sa pamamagitan ng pagtawag sa iyong lokal na tanggapan o pagtatanong sa pamamagitan ng live chat. [Pumunta sa WorkSourceWA.com](#) (sa Ingles) para sa higit pang impormasyon.
- Tumuklas pa ng mga trabaho at oportunidad sa pagsasanay na iniaalok sa pamamagitan ng [WorkSource System](#) (sa Ingles).
- Linangin ang iyong mga kasanayan upang matanggap sa trabaho, tingnan ang [mga paparating na workshop ng WorkSourceWA](#) (sa Ingles) sa iyong lugar.
- Upang makuha ang naaangkop na trabaho, dumalo sa isang [hiring event](#) (sa Ingles).

Pagsasanay ulit sa trabaho o mga oportunidad na mag-aral

- Hanapin ang edukasyon at pagsasanay na kailangan mo upang makuha ang trabahong gusto mo sa [Washington Career Bridge](#) (sa Ingles).
- Kung pinag-iisipan mong bumalik sa paaralan o magkaroon ng karagdagang edukasyon, bisitahin ang [College & Career Compass Washington](#) (sa Ingles).
- Bisitahin ang aming pahinang [Learn About an Occupation](#) (sa Ingles) para sa mga paglalarawan sa trabaho, kinakailangang edukasyon, bayad, trend sa trabaho at mga resource, o upang mag-explore ng mga karera.

Matuto pa tungkol sa mga industriyang nagha-hire

- Tingnan ang aming [Ulat sa Supply/Demand](#) (sa Ingles) para sa pag-aanalisa sa kakulangan sa mga trabaho kasama ng mga paghahambing ng buwanang online na pag-post ng trabaho at data ng Departamento ng Seguridad sa Trabaho tungkol sa pagkawala ng trabaho ng mga nagke-claim ng insurance.
- Bisitahin ang aming [Jobs and training page](#) (sa Ingles) para sa karagdagang impormasyon sa paghahanap ng trabaho.

Ang Departamento ng Seguridad sa Trabaho ay isang employer/programa para sa patas na oportunidad. Maaaring makakuha ang mga indibidwal na may mga kapansanan ng mga dagdag na tulong at serbisyo kapag hiniling ang mga ito. Magagamit nang libre ang mga serbisyo ng tulong sa wika para sa mga indibidwal na limitado ang pagkabihasa sa Ingles. Washington Relay Service: 711